# Overseas Voters Registration (Filipino Translation)

**MGA MADALAS NA KATANUNGAN TUNGKOL SA OVERSEAS VOTING:**

***1. Bakit Kailangang magparehistro?***

Kung ikaw ay isang OFW sa Phnom Penh at hindi ka uuwi sa Pilipinas sa panahon ng eleksyon, maari kang bumoto dito kung ikaw ay nasa listahan ng registered voters sa Phnom Penh.
Sa mga dati nang rehistrado dito sa Phnom Penh, hindi na kailangang magparehistro ulit. Maliban na lang kung ikaw ay hindi nakaboto ng dalawang magkasunod na regular elections, kailangan mong magpa-reactivate ng registration.

***2. Ano ang kailangang dalhin sa pagpaparehistro?***

Kailangang dalhin lamang ang original passport kasama ang photocopy nito.

***3. Sa 2016 pa ang eleksyon. Kailan at saan kailangang magparehistro?***

Ang pagpaparehistro ay nag-umpisa noong 06 May 2014 at magtatapos ito sa ika 31 October 2015. Kayo po ay pwede mag-parehistro sa Embahada ng Pilipinas, Lunes hanggang Biyernes, sa ganap na 8:00 ng umaga, hanggang 5:00 ng hapon.

***4. Paano kung dati na akong rehistrado sa ibang bansa bilang overseas voter?***

Kung ikaw ay nakarehistro sa ibang bansa at lumipat ka na dito sa Phnom Penh, kailangan ninyong mag
process ng transfer of records bilang overseas voter sa Phnom Penh.

***5. Nagparehistro na ko dati ngunit wala akong Voter's ID na natanggap galing sa Comelec. Ano ang epekto nito?***

Sa mga nagparehistro nung nakaraang election, marami po ang hindi pa nakakatanggap ng Voter's ID mula sa Comelec. Ayon po sa Comelec, ang voter's ID ay hindi pa talaga lubusang naipapatupad. Ngunit hindi kailangan ang Voter's ID para makaboto. Ang importante, ikaw ay rehistrado bilang overseas voter.

***6. Nagkaroon ng pagbabago sa aking civil status. Ano ang dapat gawin?***

Kung nagbago ang inyong civil status gaya ng single to married or married to single, o kaya nagpalit kayo ng apelyedo, kailangan ninyong ipa-update ang inyong record para maisaayos ang personal information ninyo.

***7. Paano kung wala akong gustong kandidato sa eleksyon at ayaw kong isagawa ang karapatan kong bumuto?***

Iginagalang namin ang pasya ng bawat isa. Subalit ang pagpaparehistro ay hindi nangangahulugang kayo ay may obligasyong bumoto sa eleksyon. Ngunit mas maiging rehistrado kayo para kung mag-desisyon kayong bumoto sa bandang huli ay makakaboto kayo. Wala namang mawawala kung kayo ay rehistrado.

Ang pagboto ay karapatan ng bawat Pilipino. Ito ang paraan para magkaroroon ng boses ang bawat isa sa pagbuo ng lipunan na humuhubog ng ating buhay at naglalarawan ng kinabukasan ng sambayanang Pilipino.